TAMPAKAN COPPER–GOLD PROJECT

PAGSASARA NG MINAHAN AT REHABILITASYON

Nakapaloob sa pinaplanong Tampakan Copper-Gold Project ng Sagittarius Mines, Inc. (SMI) ang isa sa pinakamalaking hindi pa naminimang deposito ng tanso at ginto sa buong mundo. Ang SMI ay kontratista ng Pamahalaan ng Pilipinas sa bisa ng isang Financial and Technical Assistance Agreement (FTAA).

Bilang isang Pilipinong kumpanya na may paninindigang naaayon sa pinakamataas na mga pamantayan ng sustainable development, natapos na ng SMI ang mga pag-aaral bilang bahagi ng Environmental Impact Assessment (EIA) na isinagawa ng mga local specialists at international experts.

Ang mine Environmental Impact Statement (EIS) ay inihanda alinsunod sa batas ng Pilipinas, at inihahayag nito ang resulta ng mga pag-aaral na bahagi ng EIA. Ang EIS ay kinakailangan sa aplikasyon ng Environmental Compliance Certificate (ECC) para sa Tampakan Mine Project. Maliban sa EIS, isinagawa rin ng SMI ang Environmental and Social Impact Assessment (ESIA) sa tulong ng mga international experts upang maipakita na ang mga pag-aaral tungkol sa mga potensyal na environmental at sosyal na epekto ng minahan ay isinagawa alinsunod sa international standards.

Masusi naming inimbestigahan ang mga pamamaraan upang mapagaan ang mga potensyal na epekto ng Tampakan Project. Ginamit namin ang mga impormasyong ito sa pagbuo ng disenyo at planong naaayon sa pamantayan ng aming major shareholder, ang Xstrata, isang global mining group na kilala bilang sector leader sa larangan ng corporate responsibility.

ANG AMING PANGAKO SA PANGANGASIWA NG PAGSASARA AT REHABILITASYON NG MINAHAN

Kapag naaprubahan ang Tampakan Project, ito ang magiging pinakamalaking minahan sa Pilipinas at isa sa pinakamalaking minahan ng tanso sa mundo. Ang mahalagang proyektong ito ay nangangailangan ng responsableng pagpaplano para sa kabuuang operasyon ng minahan at matapos ang pagsasara nito.

RESPONSABLENG PAGPAPLANO BAGO PA MAN KAMI MAGSIMULA

Ang pagpaplano para sa pagtatapos ng operasyon ay ginagawa na bago pa man kami magsimula ng pagmimina. Ang aming major shareholder na Xstrata Copper ay kinikilalang lider sa industriya sa larangan ng pangagasiwa sa kalikasan. Ang Xstrata Copper ay may napatunayan nang track record pagdating sa responsableng pagsasara at rehabilitasyon ng mga minahan nito sa ibang bahagi ng mundo.

Isang Conceptual Rehabilitation and Mine Closure Plan ang inihanda ng local at international experts bilang bahagi ng EIA para sa Mine Project.

PAGBUBUO NG PLANO PARA PAGSASARA NG MINAHAN

Idinisenyo ang plano upang matugunan ang mahigpit na mga pamantayan at regulasyon na itinakda ng Pamahalaan ng Pilipinas at ang mga pamantayan ng Xstrata Copper. Sasailalim sa regular na pagsusuri ang plano upang matiyak na ito'y napapanahon at akma sa inaasahan ng komunidad.

Sakop ng Closure Plan ang lahat ng mga lugar sa loob ng minahan na apektado ng operasyon. Magkakaroon din ng progresibong rehabilitasyon sa ibang bahagi ng minahan, at hindi na hihintayin ang pagsara bago isagawa ito.

Ang Closure Plan ay susuriin sa kabuuang operasyon ng minahan, at kasama dito ang:

- Risk assessment na pinagbasehan ng mga plano para sa pagsasara at rehabilitasyon
- Balangkas ng kabuuang plano, kasama na ang pangangasiwa sa mga mine wastes, progresibong rehabilitasyon, pangangasiwa sa topsoil, pangwakas na rehabilitasyon at ang patuloy na pag-monitor
- Konsepto ng pagsasara at rehabilitasyon ng mga apektadong lugar sa loob ng minahan
- Konseptwal na batayan upang masukat ang pagganap at tagumpay ng rehabilitasyon.

Ang Closure Plan ay idinisenyo upang matiyak ang progresibong rehabilitasyon sa ilang mga bahagi ng minahan habang tumatakbo ang operasyon. Subalit may ilang bahagi na mauumpisahan lamang ang rehabilitasyon kapag sarado na ang minahan. Titiyakin naming iiwanan sa ligtas na kondisyon ang mga lugar na ito sa pamamagitan ng:

- Pagtatanggal ng lahat ng mga pasilidad, gaya ng concentrator, conveyor at employee village
- Pagsasaayos ng mga apektadong lugar sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga puno at halaman. Isang halimbawa nito ay ang waste rock storage facility (WRSF). Tuluy-tuloy ang rehabilitasyon nito sa pamamagitan ng pagtabon ng lupa at pagtatanim ng mga puno at halaman sa ibabaw nito. Sa pagsasara ng minahan, ang drainage water galing sa WRSF ay kokolektahin sa seepage collection dam at ililipat sa open-pit void.

TULUY-TULOY NA REHABILITASYON MATAPOS ISARA ANG MINAHAN

Tatlong bahagi ng minahan ang nangangailangan ng patuloy na rehabilitasyon matapos ang pagsasara nito. Bumuo na kami ng mga hakbangin upang tugunan ang mga ito:

- Ang freshwater dam (FWD) – ang malinis at preskong tubig ay patuloy na mapopondo sa dam at maaaring i-release upang matugunan ang agrikultural at iba pang pangangailangan ng komunidad
- Ang tailings storage facility (TSF) – upang matiyak na ang pamatayan sa kalidad ng tubig ay mapanatili, ang tubig na ilalabas mula sa TSF ay dadaan sa water treatment at ipapatuloy ito sa loob ng 10 taon matapos ang pagsara ng minahan
- Ang open-pit – kailangang pangasiwaan ang water level sa open-pit sa pamamagitan ng kontroladong paglalabas ng tubig na dadaan sa water treatment bago i-release sa Taplan River. Ipagbabawal ang pagpasok ng publiko malapit sa open-pit.

KINALALAGYAN NG TAMPAKAN COPPER-GOLD PROJECT



[1]USD2.8 bilyon. [2]USD6.4 bilyon. [3]USD830 milyon. (Base sa exchange rate na USD1 = PhP48).
Disclaimer: Ang laman nitong dokumento ay wasto base sa pagkaka-alam ng SMI, sa oras ng paglimbag nito (May 2011).

MGA KADALASANG KATANUNGAN

Anu-anong mga senaryo ang kinonsidera ng SMI sa pagbuo ng Closure Plan?

Ayon sa mga regulasyon at batas ng pamahalaan, at mga pamantayan ng aming shareholder na Xstrata Copper, tutugunan ng Closure Plan ang tatlong sumusunod na senaryo:

1. Ang planong pagsasara sa katapusan ng 20 taong operasyon ng minahan
2. Maagang pagsasara na, bagamat malayong mangyari, maaaring maganap kapag nagkaroon ng limitasyong pinansyal o sapilitang ipasara ng pamahalaan dahil hindi natupad ang mga kondisyon sa lisensya
3. Pansamantalang pagsasara bunga ng mga limitasyong pinansyal o operasyunal.

Kasali ba ang komunidad sa proseso ng pagsasara ng minahan?

Bilang bahagi ng plano, makikipagtulungan kami sa lokal na komunidad pagkatapos ng operasyon sa pamamagitan ng mga sumusunod:

- Pagtatag ng pormal na proseso upang pamahalaan ang mga gawain sa rehabilitasyon at tiyaking mayroong salapi upang maisagawa ng maayos ang rehabilitasyon matapos isara ang minahan
- Pagtatag ng isang lupon ng mga kinatawan ng lokal na komunidad na siyang gagawa ng pagsusuri at pag-aapruba sa mga hakbang at plano ng SMI hinggil sa pagsasara ng minahan
- Pagtataguyod ng pangmatagalang kaunlaran pang-ekonomiya sa loob ng mga lokal na komunidad matapos isara ang minahan.

MGA BENEPISYO NG TAMPAKAN PROJECT

Sa pakikipagtulungan sa aming stakeholders, ang Tampakan Project ay maaaring makapagdulot ng mas magandang kinabukasan para sa southern Mindanao. Kung matutuloy, ang Tampakan Project ay makapaglilikha ng mga benepisyong makapagpapasigla sa lokal, rehiyunal at nasyunal na ekonomiya.

Kabilang sa mga benepisyo na maaaring mapunta sa rehiyon ang mga sumusunod:

- Taunang kontribusyon na PhP134 bilyon[1] (average) sa gross domestic product (GDP) ng Pilipinas magmula sa konstruksyon hanggang matapos ang pagmimina - katumbas ng karagdagang 1% sa taunang GDP ng bansa
- Kabuuang kita ng pamahalaan (nasyunal at lokal) mula sa buwis at bayarin na humigit-kumulang PhP307 bilyon[2] (nominal) sa kabuuang operasyon ng pagmimina
- Royalty at direktang kontribusyon na mahigit sa PhP39.8 bilyon[3] (nominal) para sa mga lokal na katutubong grupo at lokal na komunidad sa kabuuang operasyon ng pagmimina
- Direktang trabaho para sa humigit-kumulang 10,000 manggagawa sa konstruksyon at 2,000 manggagawa sa panahon ng operasyon
- Pagkuha ng serbisyo ng mga lokal na kontratista at kumpanya na syang magbibigay ng karagdagang oportunidad para sa trabaho.

MGA SUSUNOD NA HAKBANG

Bago masimulan ang konstruksyon, kailangan ng SMI ang pahintulot mula sa pamahalaan, lokal na komunidad at shareholders nito.

Upang maisakatuparan ang Tampakan Project, kailangan naming patuloy na makipagtulungan sa aming stakeholders. Ipagpapatuloy namin ang bukas na pakikipag-usap at konsultasyon, lalo na sa mga mayroong pag-aalala at katanungan tungkol sa aming pinaplanong pagmimina.

Ang mga komento ay isasaalang-alang sa paggawa ng plano upang matiyak na ang Tampakan Project ay maaaring maging modelo ng responsableng operasyon ng malakihan at modernong pagmimina sa Pilipinas, kasama ang pagpapatupad ng international standards sa resettlement, konsultasyon sa mga katutubo at EIA.

External Relations Unit
Sagittarius Mines, Inc. (SMI)
02 8563021 (Makati)
083 5548414 (General Santos)
Email: externalrelations@smi.com.ph | www.smi.com.ph